M10/2/A2PIL/SP2/TGL/TZ0/XX

22102052

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Friday 14 May 2010 (morning)
Vendredi 14 mai 2010 (matin)
Viernes 14 de mayo de 2010 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste una pregunta.


© International Baccalaureate Organization 2010

https://xtremepape.rs/

*Sumulat ng sanaysay sa* ***isa*** *sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural* ***at/o*** *opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

**Wika at Kultura**

**1.** Paano maaaring gamitin ang wika upang malinang at mapagtibay ng iba-ibang grupong panlipunan o *social groups* ang kanilang identidad o pagkakakilanlan? Ibatay ang iyong sagot sa iyong pag-aaral ng opsiyong pangwika at pangkultura.

**2.** Kung ibang wika ang gagamitin natin – wika na iba sa nakagisnan na nating gamitin – makatatanaw tayo ng wari'y ibang mundo. Batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, gaano ang iyong pagsang-ayon sa pahayag na ito?

**Medya at Kultura**

**3.** Anu-anong mga ispesipikong isteryutipo sa *advertising* (lahat ng uri ng media) ang sa palagay mo'y dapat iwasan? Ipaliwanag ang iyong sagot batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**4.** Anu-anong uri ng media ang pinakaimpluwensiyal sa paghubog ng kultura ng kabataan ngayon? Sa iyong sagot magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Panghinaharap**

**5.** Sa iyong palagay, anu-anong malulubhang problema sa mundo sa kasalukuyan ang malalapatan na ng lunas o solusyon sa loob ng susunod na daantaon? Sa iyong sagot magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Pandaigdig**

**6.** Ano ang mga kumplikasyon na kinakaharap ng mga bansa habang sinisikap nila na sabay na harapin ang mga suliraning domestiko at tupdin ang mga tungkulin at pananagutang global? Sa iyong sagot magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

**Mga Isyung Panlipunan**

**7.** Kaugnay ng iyong napag-aralan sa opsiyong ito, ipakita kung gaano kahalaga para sa isang lipunan na magtaguyod ng mga sistema na tutulong sa mga taong walang kakayahang tulungan ang kanilang sarili.



https://xtremepape.rs/

**Mga Tanong Panliteratura**

**8.** Minsan ang katotohanan ay madalas na hindi natin nakikita kahit pa tayo'y nahaharap na sa malilinaw at matitinding senyales. Talakayin ang ideyang ito batay sa dalawa o higit pang teksto na iyong napag-aralan.

**9.** Ipakita ang impluwensiya ng mga lugar sa mga indibidwal sa dalawa o higit pang teksto na iyong napag-aralan.

**10.** Pumili ng dalawa o higit pa sa mga tekstong pampanitikan na iyong napag-aralan at ipakita kung paanong kahit ang mga bagay-bagay ay nagiging karakter o tauhan din.



https://xtremepape.rs/